Sino ang tunay na Diyos?

Sino ang tunay na Diyos? Ang tunay na Diyos ay ang Lumikha, at ang pagsamba sa mga hindi tunay na diyos ay nangangahulugan ng pag-aangkin na sila ay mga diyos. Ang diyos ay dapat na isang Lumikha, at ang patunay na siya ay Lumikha ay maaaring makita sa pamamagitan ng mga bagay na kanyang nilikha sa sansinukob, o sa pamamagitan ng rebelasyon mula sa Diyos na napatunayang siya ay ang Lumikha. Kung ang pag-aangkin na ito ay walang patunay, walang mga nilikhang makikita sa sansinukob, o walang mga salita mula sa Diyos na Lumikha, ang mga diyos na ito ay tiyak na hindi totoo.

Napapansin natin na ang tao, sa panahon ng matinding pagsubok, ay lumalapit sa isang tunay na Diyos at humihiling lamang sa isang Diyos. Pinatunayan ng agham ang pagkakaisa ng materya at pagkakaisa ng sistema sa sansinukob sa pamamagitan ng pagkilala sa mga anyo at phenomena ng sansinukob, at sa pamamagitan ng pagkakapareho at pagkakatulad sa pag-iral.

Isipin natin ang isang pamilya kung saan ang ama at ina ay hindi magkasundo sa paggawa ng mahalagang desisyon na may kinalaman sa pamilya. Ang hindi pagkakasundo nila ay maaaring magdulot ng kapahamakan sa mga anak at pagkasira ng kanilang kinabukasan. Ano pa kaya kung dalawang diyos o higit pa ang maghahari sa sansinukob?

Sabi ng Diyos:

"Kung nagkaroon ng ibang diyos bukod sa Allah, ang mga ito ay tiyak na masisira. Kaya, purihin ang Allah, ang Panginoon ng Trono, mula sa kanilang iniaangkin." (Quran 21:22)

At makikita rin natin na:

Dapat na ang pag-iral ng Lumikha ay nauna bago ang pag-iral ng panahon, lugar, at enerhiya. Batay dito, hindi maaaring ang kalikasan ang sanhi ng paglikha ng uniberso, sapagkat ang kalikasan mismo ay binubuo ng panahon, lugar, at enerhiya. Kaya, ang sanhi ng paglikha ay dapat na umiral bago ang kalikasan.

Dapat na ang Lumikha ay makapangyarihan, ibig sabihin, may kapangyarihan sa

lahat ng bagay.

Dapat na Siya ang may kontrol upang mag-utos sa pagsisimula ng paglikha.

Dapat na Siya ay may ganap na kaalaman sa lahat ng bagay, ibig sabihin, may kumpletong kaalaman sa lahat ng bagay.

Dapat na Siya ay isa at walang katulad, hindi kailangan ng ibang sanhi kasama Niya, at hindi kailangan na magkatawang-tao bilang isa sa Kanyang mga nilalang, o kailangan na magkaroon ng asawa o anak sa anumang pagkakataon, sapagkat dapat na Siya ay nagtataglay ng mga katangian ng kasakdalan.

Dapat na Siya ay matalino, hindi gumagawa ng kahit ano maliban na may espesyal na karunungan.

Dapat na Siya ay makatarungan, at bahagi ng Kanyang katarungan ay ang gantimpalaan at parusahan, at magkaroon ng kaugnayan sa mga tao, sapagkat hindi Siya magiging Diyos kung nilikha Niya sila at iniwan sila. Kaya, ipinapadala Niya ang mga propeta upang ipaliwanag sa kanila ang tamang landas at iparating sa mga tao ang Kanyang gabay. Ang karapat-dapat sa gantimpala ay yaong sumunod sa landas na ito, at ang parusa ay para sa lumihis dito.